

## **EKLEKTIK NA METODO SA PAGTUTURO NG DALUMATFIL AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG REAKSYONG PAPEL**

**ADELAIDA S. BERBANO<sup>1</sup>**

**IMELDA G. CARADA, PhD<sup>2</sup>**

adelaida.berbano@lspu.edu.ph<sup>1</sup>

imelda.carada@lspu.edu.ph<sup>2</sup>

0000-0003-4876-7924<sup>1</sup>

0000-0003-3843-2653<sup>2</sup>

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Laguna, Philippines<sup>1</sup>

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, Philippines<sup>2</sup>

### **ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang eklektik na metodo sa pagtuturo ng dalumatfil at ang kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel ng mga mag-aaral na may kabuuang bilang na siyamnapu'pitong tagasagot mula sa ikalawang antas sa kolehiyo ng College of Arts and Sciences ng Laguna State Polytechnic University San Pablo City Campus. Sa pag-aaral na ito binibigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang profayl ng mga tagasagot batay sa edad, kasarian, kinawiwilihan tulad ng panonood?; Ano ang pananaw ng mga tagasagot sa eklektik na metodo sa pagtuturo ng dalumatfil batay sa; prosesong metodo at metakognitibong metodo?; Ano ang kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel batay sa nilalaman, kaisahan at mekanismo sa pagsulat?; May makabuluhang kaugnayan ba ang propayl ng mga tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel? May makabuluhang kaugnayan ba ang eklektik na metodo sa pagtuturo ng dalumatfil sa kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel. Ang pamamaraang deskriptib ang napili ng mananaliksik upang mailarawan ang mga ginagawa, pamantayan at kalagayan ng mga mag-aaral. Ito ang magbibigay ng mga makatotohanang datos sa kasalukuyang sitwasyon tungkol sa mga bagay at pangyayari na maaaring nangangailangan ng pagsusuri, klasipikasyon at pagtatalaga. Upang makuha ang target ng respondente ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling sa dahilang sa kabila ng ating sitwasyon ngayon na nasa gitna tayo ng pandemya ito ang mas aakma upang maipakita ang makabuluhang kaugnayan ng profayl ng mga tagasagot sa kasanayan ng pagsulat ng reaksyong papel ang mananaliksik ay gumamit ng Pearson r product moment correlation coefficient at para naman matukoy ang kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel ng mga mag-aaral ginamit ng mananaliksik ang frequency at percentage. Sa kinalabasan ng pag-aaral, lubos na sumasang-ayon ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga eklektik na metodo sa pagtuturo ng dalumatfil. Sa kasanayan sa pagsulat ng reaksyong papel naman na nagkaroon ng interpretasyong pinakamahusay batay sa nilalaman, kaisahan at mekanismo sa pagsulat sapagkat ang mga mag-aaral ay bihasa at napagtuunan ng guro ng buong husay. Batay sa nagging resulta walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng reasyong papel. Samantalang walang makabuluhang kaugnayan ang eklektik na metodo sa pagtuturo ng dalumatfil sa kasanayan sa pagsulat ng reasyong papel.



*Mga susing salita: Eklektik na Metodo sa Pagtuturo ng Dalumatfil at Kasanayan sa Pagsulat ng Reaksyong Papel.*